8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 2

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Piedad O. Diola

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ASIGNATURA: ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 1, BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay daan sa pagkakakilanlan at pagtugon sa nagbabagong kapaligiran |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon na nagpapatunay ng interaksiyon ng tao at kapaligiran at kapaligiran |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang kalagayang heograpikal ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya at iba pang bahagi ng daigdig<br><br>***Mga Kasanayan***<br>1. Napatutunayan ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao sa pag-unlad ng mga kabihasnan.<br>*2.* Nasusuri ang mga naging ambag ng sinaunang kabihasnan at ang epekto ng mga ito sa kasalukuyan.<br>*3.* Natatalakay ang mga implikasyon ng mga pagtukoy ng lokasyon at epekto ng heograpiya sa buhay ng mga mag-aaral. |
| 4. **Nilalaman** | MGA SINAUNANG KABIHASNAN<br><br>1. Katuturan ng Kabihasnan<br>2. Kabihasnang sumibol sa lambak-ilog (Tigris-Euphrates, Indus, Huang He, at Ilog Nile |
| 5. **Integrasyon** | Tao, Lipunan at Kapaligiran<br>Panahon, Pagpapatuloy at Pagbabago |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| Campbell, P. (2016, March 15). The Story of Civilization. TAN Books.<br><br>Doherty, G., Claybourne, A., & Davidson, S. (2004, January 1). The Usborne Internet-linked Encyclopedia of World Geography with Complete World Atlas. http://books.google.ie/books?id=IwneAAAACAAJ&dq=The+usborne+Internet-linked+Encyclopedia+of+world+gography&hl=&cd=2&source=gbs_api<br><br>Huang He Valley. (n.d.). https://education.nationalgeographic.org/resource/huang-he-valley/ |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>A. MAY TEMA KA! (Pagsusuring Pamaraan)<br>Punan ang tsart ng wastong impormasyon. Magbigay lamang ng isa hanggang dalawang halimbawang magpapaliwanag sa bawat TEMA ng Heograpiya. POKUS: ***Pilipinas***<br>REHIYON<br>PAGGALAW<br><br>LOKASYON<br>LUGAR<br>INTERAKSYON NG TAO SA KANYANG PALIGID | ***Gagawin sa Unang Araw***<br><br>Iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral. Iwasto kung may maling konseptong nailagay sa bawat kahon. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain:** Panonood ng Video (Pamaraang Multi-media)<br>**Panoorin ang video 1-3*<br>**Mga Pamprosesong Tanong**<br>Mula sa mga napanood na video, sagutin ang mga sumusunod: | Ipapanood ang mga maiikling *"video presentation"* sa mga araw na tatalakayin ang bawat kabihasnan.<br><br>Video link: |

<table>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
1.Ilarawan ang lokasyon at klima ng bansang Mesopotamia, India, China at Egypt ang dahilan kung bakit sa Ilog Tigris-Euphrates, Indus, Huang He at Nile umusbong ang mga sinaunang kabihasnan.<br>
2. Ano ang karaniwang pamumuhay ng mga tao sa mga nabanggit na sinaunang kabihasnan sinaunang kabihasnan?<br><br>
Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>
<br>
Kabihasnan – ay nagmula sa salitang-ugat na bihasa na ang kahulugan ay eksperto. Ito ay pamumuhay na nakagawian ng maraming pangkat ng tao. Kasama sa pag-unlad ng kabihasnan ay ang wika, kaugalian, paniniwala at sining. Karaniwan nang sa mga lambak-ilog nagsimula ang mga kabihasnan sapagkat halos lahat ng pangangailangan ng mga tao upang maipagpatuloy ang kanilang buhay ay matatagpuan sa ilog<br><br>
https://www.pexels.com/photo/dramatic-panorama-of-egyptian-pyramids-at-dawn-18291196/<br><br>
Ikalawang Araw<br>
Kaugnay na Paksa 1:<br>
Pagproseso ng Pang-unawa (lesson proper)<br><br>
Kahulugan at Katangian ng Kabihasnan<br><br>
“Paninirahan sa lungsod” ang orihinal na kahulugan ng kabihasnan o sibilisasyon. Ang kabihasnan ay unang nalinang sa mga lambak-ilog. Bago pa man natuklasan ang Sistema ng pagsulat, ang mga Asyano sa mga lambak-ilog ng Tigris-Euphrates, Huang Ho at Indus ay nagsimula nang mamuhay ng pirmihan at linangin ang kanilang kabihasnan. Sa kabilang dako naman, nagsimula na ring paunlarin ng mga tao sa Ehipto ang kanilang kabihasnan sa Ilog Nile.<br><br>
Sa paglipas ng panahon, dahil sa lumalaking pangangailangan ng mga tao at sa kagustuhang matugunan ang mga ito, kinilala nila ang isang maayos at organisadong pamayanan. Bunga nito, ang mga tao ay bumuo ng pamunuan na nang maglaon ay
</td>
<td>
1. Sinaunang Kabihasnan sa Tigris-Euphrates<br>
https://www.youtube.com/watch?v=kyvOg97Luw0<br><br>
2. Sinaunang Kabihasnan sa Indus at Huang He/Tsina<br><br>
https://www.youtube.com/watch?v=5u54qnW132w<br><br>
3. Sinaunang Kabihasnan sa Ilog Nile<br><br>
https://www.youtube.com/watch?v=AgeDdjPmfuU
</td>
</tr>
</table>

naging isang planadong pamahalaan. Ito rin ang nagpasimula ng mga lungsod-estado na naging batayan ng mga komunidad at estado sa makabagong panahon.

*Suriin ang sumusunod na timeline ng mga tatalakaying kabihasnan*

***TIGRIS-EUPHRATES***

4000 BCE nalinang ang kabihasnang Sumer sa Mesopotamia malapit sa Ilog Tigris at Euphrates

2800 BCE nasakop ng mga Akkdian ang Sumer at namahala si Sargon I.

1792 BCE namuno si Hammurabi sa Akkadia

1115 BCE naging maunlad na sibilisasyon ang Assyria at sa panahon ni Ashurbanipal noong 669 BCE sa pamamagitan ng sinong, Sa panahon ding iyon nagtatag ng Aklatan sa Nineveh.

586 BCE naging hari si Nebuchadnezzar II sa Chaldea at ginawang bihag ang mga Hudyo

500 BCE sa pamumuno ni Cyrus The Great ang nga Chaldean. Pinalitan siya ni Darius The Great at narating ng Mesopotamia ang maayos na pamamahala at lipunan.

***INDUS***

2500- 2400 BCE unang naitatag ang mga lungsod ng Harappa at Mohenjo Daro; nanirahan ang mga Dravidian sa India at ipinakilala ang sistemang *caste*

1500 BCE Naging pambansang relihiyon ang Hinduismo.

600 BCE Pinakilala ni Siddharta Gautama Buddha ang relihiyong Budismo

500 BCE umunlad ang iba't ibang imperyo tulad sa Maurya at Gupta sa India

Gamitin ang larawan para sa karagdagang paliwanag).

***Gagawin sa Ikalawang Araw***

Talakayin ang kaugnayan ng paksang ito matapos ang panonood ng mga video tungkol sa kabihasnan

**P[illegible]ubayang Pagsasanay Pamprosesong Katanungan**
**P[illegible]araang Casual (Pamprosesong Katanungan):**
Ang sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa panahon ng

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
talakayan.

- Paano at saan nagsimula ang mga sinaunang kabihasnan?
- Paano naging isang mahalagang salik ng pag-unlad ng kabihasnan ang mga nabanggit na ilog sa Asya at sa Ehipto?
- Ipaliwanag ang mga naging epekto ng pag-unlad ng sinaunang kabihasnan sa Asya at sa Ehipto

**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>
**Gawain: Tayo'y Maglakbay** *(Tingnan sa pahina 1-2 ng Sagutang Papel)*

**Ikatlong Araw**<br>
**Kaugnay na Paksa 2: Katangian ng mga Kabihasnan**<br>
**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>
**Pamprosesong Tanong**

1.Sa mga katangian ng kabihasnang natalakay, alin ang dapat na unang bigyang prayoridad na linangin o paunlarin.? Pangatwiranan ang sagot.<br>
2.Bakit kailangan ang isang sistema ng pagsulat upang mapabilis ang pag-unlad ng kabihasnan?<br>
3. Sa iyong palagay, may epekto ba sa kasalukuyang lipunan at pamumuhay ang mga pamana o ambag ng sinaunang kabihasnan?

**Pagpapatuloy ng Kaugnay na Paksa : Kabihasnang Sumibol sa Tigris-Euphrates, Indus, Huang He at Nile**

**Pangkatang Gawain:** Hahatiin ng guro sa 4 na pangkat ang klase. Ililipat ng guro ang nilalaman ng Kaugnay na Paksa sa mga *cue cards (4 sets, Tigris-Euphrates, Indus, Huang He at Nile)*

- Ang Lambak Ilog ng Tigris-Euphrates ay matatagpuan sa malawak na lupaing sakahan ng Mesopotamia, literal na nangangahulugang "lupa sa pagitan ng dalawang ilog". Dahil sa dalawang ilog na ito, ang lupain ay naging mainam na sakahan kaya't tinawag na Fertile Crescent, isang paarkong matabang lupaing nagsisimula sa Persian Gulf hanggang sa silangang baybayin ng Mediterranean Sea. Ang palagiang pag-apaw ng mga ilog na ito ay nagdulot ng pagtaas ng tubig at kapag humupa na ay nag-iwan ng mainam na lupang sakahan.
</td>
<td>


***Gagawin sa Ikatlong Araw***
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Maliban sa napakainam na lupang sakahan malapit sa mga ilog, may mga natagpuang kasulatan mula dito, sapat upang tawagin ang Mesopotamia bilang ang "Duyan ng Kabihasnan". Ang mga nabanggit na kasulatang ito ay kapantay ng mga natagpuang kasulatan sa Ehipto na kilala bilang *hieroglyphics* – *cuneiform* naman para sa mga Sumerians sa Mesopotamia.<br><br>● Ang Ilog Indus ay dumadaloy sa isang lupaing tatsulok at tangway sa Timog Asya. May malawak na sukat na siyang nag hiwalay sa ibang mga lupain dulot ng Bulubundukin ng Himalayas at Talampas ng Tibet. Kasama ng Ilog Indus ang dalawa pang mahahalagang ilog ng India – Ganges at Brahmaputra River. Dahil sa mga ilog na ito, nabuo at umunlad ang mga sinaunang kabihasnan sa India. Pangunahin na ang Kabihasnang Harappa at Mohenjo-Daro. Bagamat wala na sa kasalukuyan ang mga sinaunang lungsod na ito ang naging batayan upang malinang ang paniniwala at kaisipang Hindu. Ang mga paniniwalang ito ang naging gabay ng mga Asyano sa paglinang ng kanilang kabihasnan, nakatulong upang matamo ang mataas na moralidad at antas ng pamumuhay.<br><br>Mula sa simpleng pamumuhay malapit sa Ilog Indus, mayroon ng higit na 1000 lungsod at pamayanan na matatagpuan sa India kasama na dito ang bahaging Pakistan na kalapit lamang ng Ilog Indus. Sa kabilang dako bahagi din ng sinaunang kabihasnan ang natatanging kabundukan ng Himalayas na nababalutan ng makapal na yelo na nagpapalamig ng klima sa ilang bahagi ng bansa. Ang pagkakaroon ng matabang lupa ay naging mahalaga sa pagtatanim, sapat upang matuklasan din ang paggawa at paggamit ng irigasyon.<br><br>● Katulad din ng ibang sinaunang kabihasnan, nagsimula din sa ilog o lambak-ilog ang kabihasnan sa Tsina – sa Ilog Huang He. Kakaiba ang katangian ng ilog na ito dahil ang Huang He ay nagdedeposito ng dilaw na banlik (silt) sa kapatagan. Tinawag naman na *Loess* ang banlik na ito na isang uri ng matabang lupa na mainam para sakahan. Ngunit hindi tulad ng ibang ilog ng sinaunang kabihasnan, ang Huang He ay nagdala ng kalungkutan sa Tsina dahil sa pag-apaw ng ilog na ito. Naging sanhi ng pagbaha na nagdulot ng pagkamatay ng maraming Tsino. Ito ang dahilan kung kaya't tinawag sa kasaysayan ang Ilog Huang He bilang ang "Pighati ng Tsina" (China's Sorrow) | ***Gagawin sa Ikaapat na Araw***<br><br>Hahatiin ng guro sa 4 na pangkat ang klase. Ililipat ng guro ang nilalaman ng Kaugnay na Paksa sa mga *cue cards (4 sets, Tigris-Euphrates, Indus, HuangHe at Nile)*<br><br>Bibigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral upang |

| | | |
|---|---|---|
| | Nakinabang naman sa sinaunang kabihasnang ito ang higit sa 10 dinastiya sa Tsina, at tinaguriang pinakamatandang kabihasnan mula sa pamana ng Ilog Huang He. Isa mga natatanging kontribusyon ng mga dinastiyang ito ay ang proyekto upang makontrol ang pagbaha tuwing umuulan at umaapaw ang tubig sa ilog. Sa pangunguna ni Emperador Yu, nagpagawa ito ng mga DIKE na haharang sa ilog sa tuwing may pag-apaw ng tubig. Ito rin ang naging batayan ng Sistema ng Irigasyon o pagdaloy ng tubig sa sakahan sa buong bansa<br><br>● Maliban sa Asya, mayroon ding sinaunang kabihasnan sa Africa. Ito ay natagpuan sa Ehipto sa lambak-ilog ng Nile. Mahalaga para sa mga taga-Ehipto ang Nile River, sa sukat na 4160 milya, ito ang nagsisilbing patubig sa bansa upang hindi maging ganap na disyerto ang lupain. Tinawag ang Ehipto bilang ang Regalo ng Nile *(The Gift of the Nile)* dahil sa kabila ng pag-apaw ng tubig-baha tuwing umuulan, nagdadala naman ito ng halumigmig o malamig na hangin sa mga tuyong lupa, sapat upang mag-iwan ng matabang lupang maaaring taniman. Sa ngayon, bakas pa rin ang maunlad na kabihasnan sa Ehipto dulot ng Ilog Nile. Ang Cairo na nasa Silangan ng Ilog Nile ang siyang pinakamalawak na lungsod sa Ehipto at nakinabang din sa mga natatanging yaman mula sa Ilog Nile. Gayundin ang makasaysayang lungsod ng Alexandria na nasa kanlurang bahagi ng Ilog Nile, na nagsilbing daungan para sa mga mangangalakal at punong-lungsod noon ng Ehipto.<br><br>Karagdagan pa, isa ang PIRAMIDE sa mga natatanging pamana ng Ehipto mula sa sinaunang kabihasnan na nag-iwan ng malaking epekto sa pamumuhay at Lipunan ng mga taga Ehipto.<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Pangkatang Gawain**<br>Gamit ang natalakay na kaugnay na paksa sa naunang Pangkatang Gawain, punan ang tsart ng wastong impormasyon.<br>*(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*<br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Ugnay-unawa (Lokalisasyon)** | basahin ang mga nakasulat na impormasyon sa cue cards. Pagkatapos ng itinakdang oras, sasabihin ng guro ang mga pamamaraan sa talakayan:<br><br>Pangkat1: Poster na naglalaman ng mga impormasyon mula sa *cue card* #1 (Ilog Tigris Euphrates)<br><br>Pangkat 2: Pagsasatao: Gagawa ng maikling dula ang pangkat gamit ang mga impormasyon sa *cue card* #2 (Indus)<br><br>Pangkat 3: News Reporting. Isasagawa ang gawain sa pamamaraang Pagbabalita. Bibigyang pokus ang nangyaring pag-apaw ng ilog Huang He at ang epekto nito sa mamamayan ng Tsina noon.<br><br>Pangkat 4: Talk Show<br>Ang impormasyon sa cue card #4 ay gagawan ng maikling skrip at ilalahad sa klase sa pamamagitan ng isang Talk Show. Mag-isip ng isang *catchy title* ng Talk Show (halimbawa: *Travelogue Around The World/Pasyal-Pasyal Pag* |

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain**: Magsagawa ng panayam sa isang nakatatandang kapamilya (lolo/lola/tiyuhin/tiyahin). Itanong sa kanila ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang nakalap na mga sagot at iulat ito sa harap ng klase.<br><br>1.Ilarawan (*describe*) ang lugar na tinitirhan ng nakalipas na 10 hanggang 15 taon. Isa-isahin ang mga pagbabagong naobserbahan mula noon hanggang sa kasalukuyan.<br><br>2. Sa iyong palagay, gaano kahalaga sa mga mamamayan ng isang komunidad ang mga pagbabagong nagaganap sa lipunan, katangian ng mga tao at uri ng pamumuhay?<br><br>3. Paano nakikilahok ang inyong nakatatandang kapamilya sa mga proyektong makakatulong sa barangay na makilala sa ibang komunidad? | *MayTime)* at pag–usapan ng host at panauhin ang nilalaman ng cue card.<br><br>Maaaring umpisahan ng guro ang gawain sa oras na matapos ang talakayan sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya at Ehipto. |
| **D. Paglalahat** | **Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain :** Lagyan ng makabuluhang maikling kapsyon ang mga *"images"* upang ilarawan ang ilog Tigris-Euphrates, Indus, Huang He at Nile.<br>*(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain:**<br>Matapos ang talakayan sa mga kaugnay na paksa, bumuo ng isang *live content vlog* na naglalaman ng **isa** sa mga kabihasnang natalakay. Bigyang pokus sa *vlog* ang heograpiya, lokasyon, klima, lipunan at pamumuhay ng mga tao sa napiling kabihasnan. Matapos makabuo ng *content,* ito ay ilalahad sa harap ng klase sa loob ng 4-5 minuto. | Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na na Araw**<br><br>**1. Pagsusulit** *(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)* | Mga batayan ng kasagutan<br>1. Fertile Crescent<br>2. Himalayas<br>3. Huang He<br>4. Mesopotamia<br>5. Ilog Indus |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>1. Magsaliksik tungkol sa heograpiya ng kabihasnang Minoan at Mycenaean ng sinaunang Gresya. Bigyang pokus ang: lokasyon; klima; Lipunan at pamumuhay ng kabihasnang Gresya.<br>Sanggunian:<br>2.Ang mga nasaliksik na impormasyon ay gagawan ng buod sa pamamagitan ng “graphic organizer”<br><br></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | *gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.* |